
# Ano ang mga Karapatan ng Bata?

Narinig niyo na ba ang "Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatan ng Bata" ? Ito ay isang kasunduan na itinatag para sa karapatan ng lahat ng bata sa buong mundo. May mga kabataan na naiipit sa gitna ng digmaan, binabawian ng buhay sanhi ng sakit na maaari sanang maiwasan, gumagawa ng mabigat na trabaho para sa kanilang murang edad, at nakakaranas ng lubos na hirap sa kanilang araw-araw na pamumuhay.

Kakampi ng mga kabataang ito at lahat ng kabataan sa mundo ang kasunduan ukol sa karapatan ng bata.


Ang kasunduang ito ay mayroong 54 na artikulo, at ang sumusunod na apat na prinsipyo ang mga pangunahing ideya nito.

## Protektahan at palaguin ang buhay



Ang mga bata ay makakakuha ng pangangalagang medikal, edukasyon, at suporta para sa kanilang pang-araw-araw na buhay upang mapangalagaan ang kanilang buhay, lumago, at mapaunlad ang kanilang mga likas na kakayahan.

## Pinakamabuti para sa bata



Dapat laging unahing isipin kung ano ang pinakamabuti para sa bata tuwing gagawa at magsasapatupad ng mga desisyon na may kinalaman sa kanila

## Pagpapahayag ng opinyon at pakikilahok



Ang mga bata ay malayang magpahayag ng kanilang mga opinyon sa mga isyung may kinalaman sa kanila, at ang mga opinyong ito ay dapat isaalang-alang ng mga matatanda sa paraang naaangkop sa pag-unlad ng bata.

## Walang diskriminasyon



Ang lahat ng mga bata ay may taglay na karapatan na itinakda ng kumbensyon, at niisa ay hindi madidiskrimina sa anumang batayan, kabilang ang lahi, nasyonalidad, kasarian, opinyon, kapansanan, o katayuan sa buhay ng kanilang magulang o ng sarili.

# Ilang Bahagi ng Karapatan ng Bata

**Artikulo 1 Kahulugan ng Bata** Ang isang taong wala pang 18 taong gulang ay itinuturing na bata.

**Artikulo 2 Walang Diskriminasyon** Ang lahat ng bata ay pantay pantay na may karapatan sa kasunduan. Hindi balakid alinmang bansa ang kanilang pinagmulan, ano man ang kanilang kasarian, ano man ang kanilang wika, ano mang relihiyon ang kanilang pinaniniwalaan, may pagkakaiba man sa kanilang opinyon, mayroon man o wala silang pisikal o mental na kapansanan, ano man ang kanilang katayuan sa buhay at uri ng magulang mayroon sila.

**Artikulo 3 Para sa Kapakanan ng Bata** Sa alin mang gawain na may kinalaman sa mga bata, pinakamahalagang isipin kung ano ba ang makabubuti sa kanila.

**Artikulo 6 Karapatang Mabuhay at Arugain** Ang lahat ng bata ay may karapatan na mabuhay at arugain.

**Artikulo 9 Karapatang Hindi Mahiwalay sa Magulang** Ang lahat ng bata ay may karapatang hindi mahiwalay sa kanilang mga magulang. May mga pagkakataong mas mabuting ihiwalay ang bata sa kanyang magulang para sa kanyang kapakanan, ngunit papayagan pa rin ang pagkikipagkita at pakikipag-usap sa pagitan ng mga ito.

**Artikulo 12 Karapatang Magpahayag ng Opinyon** Ang bata ay may karapatan na malayang ipahayag ang kanilang opinyon pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang kapakanan. Kinakailan na isaalang-alang ang kanilang opinyon pagdating sa kanilang paglaki.

**Artikulo 16 Karapatang Pangalagaan ang Kanilang Pribadong Impormasyon at Karangalan** Kailangan pangalagaan ang pribadong impormasyon pagdating sa kanilang pagkatao, pamilya, tirahan, at pakikipag-ugnayan. May karapatan din sila na hindi mayurakan ang kanilang pagkatao ng ibang tao.

**Artikulo 19 Proteksyon mula sa lahat ng uri ng karahasan** Ang pamahalaan ay kailangang protektahan ang bata na hindi sila makaranas ng alin mang uri ng pang-aabuso at pangmamaltrato mula kanino man.

**Artikulo 23 Karapatan ng Batang may Kapansanan** Ang mga batang may mental o pisikal na kapansanan ay may karapatan na pangalagaan ang kanilang dignidad, mamuhay bilang malaya at aktibong miyembro ng komunidad, makapag-aral at makapagsanay, at magkaroon ng insurance.

**Artikulo 28 Karapatan sa Edukasyon** Ang mga bata ay may karapatan na makapag-aral. Tungkulin ng pamahalaan na mapag-aral ng elementarya ang lahat ng kabataan. Kinakailangang ring bigyan ng pantay na pagkakataon na tumuloy sa mas mataas na pag-aaral. Kinakailangan isa-alang alang na ang dignidad ng bata ay hindi maisawalang bahala sa pagpili ng kanilang paaralan.

**Artikulo 31 Karapatang Makapagpahinga at Makapaglaro** Ang mga bata ay may karapatan na makapagpahinga, makapaglaro at makalahok sa mga gawaing pang-kultura.

Pinagkuhanan: [Aklat ukol sa Kasulatan ng Karapatan ng Bata] Inilathala ng Japan Committee for UNICEF at impormasyon mula sa website ng Japan Committee for UNICEF

## Kung nais ninyong palawakin pa ang inyong kaalaman...

Pahalagahan natin ang mga karapatang mayroon tayo ayon sa kasunduang ito, gayundin ang mga karapatang taglay ng ibang tao, sapagkat ang pantay-pantay na pagpapahalaga sa bawat isa ay ang pangunahing kaisipan ng karapatang pantao. Isipin natin kung ano ang mga dapat gawin upang maisakatuparan ito kapag tayo ay tumanda na. Kung nais mo pang matuto tungkol sa mga karapatang ito, mangyaring bisitahin ang mga website sa ibaba.

**Japan Committee for UNICEF Website「Kasunduan ukol sa Karapatan ng Bata」**
https://www.unicef.or.jp/kodomo/kenri/
**Website ng Kasunduan ukol sa Karapatan ng Bata sa iba't-ibang wika.**
https://boes.org/multilingual/

＊Ang kasunduan ukol sa karapatan ng bata ay ipinatupad sa bansang Hapon noong ika-22 ng Mayo, 1994

**Pinahahalagahan ng Lalawigan ng Shizuoka ang mga opinyon ng mga bata at kabataan.**

Pamahalaan ng Lalawigan ng Shizuoka 2024